Pananaliksik Ukol sa Paggamit ng

Social Networking Sites

This study resource was shared via CourseHero.com

I. Paksa

Ang pagtutuunan ng konseptong papel na ito ay ang implikasyon ng paggamit ng social media sa paglinang ng personalidad ng mga kabataan.

II. Rasyunal:

Sa panahon ngayon, hindi maipagkakaila na ang internet ay isa sa mga pangunahing pamamaraan upang mabilisang maka sagap at makapagbigay ng impormasyon. Ginagawa nitong possible ang komunikasyon at interaksyon ng mga tao saan mang panig ng mundo. Dahil dito, labis na popular ngayon ang mga social networking sites tulad ng Facebook, Twitter, Instagram at Snapchat, lalo na sa mga kabataan. sa katunayan, masasabing bihira na lamang ang mga kabataan na hindi aktibo sa mga nabanggit na social networking sites.

This study source was downloaded by 100000822667094 from CourseHero.com on 04-28-2021 05:58:25 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/29695320/konseptong-papeldocx/

Maituturing na malaking bahagi na ng pang-araw-araw na buhay ng mga kabataan ang paggamit ng Social Media. Ayon sa pag-aaral na isinagawa ng organisasyon na CommonSense Media sa Estados Unidos noong 2010, pangkaraniwang umaabot sa isat kalahating oras kada araw ang inilalalaan ng mga kabataan sa mga social networking sites. Dito sila kadalasang naglalahad ng kanilang mga saloobin, kumakalap ng mga balita at nakikipag-ugnayan sa ibat ibang tao. Isa sa mga napapanahong isyu sa kasalukuyan ay ang pagkahumaling ng mga kabataan sa internet.

Mga Layunin:

- Mabigyan ng linaw ang pananaw ng mga tao ukol sa mga Social Netwoking Sites
- Malaman ang kahalagahan ng tamang paggamit sa mga Social Networking Sites.
- Matukoy ang limitasyon sa paggamit ng Social Networking Sites.
- Malaman ang  responsableng paggamit ng Social Networking Sites.
-

III. Pamamaraan:

Ang metodolohiya na gagamitin sa pananaliksik sa nasabing paksa ay ang pagsasarbey at pakikipanayam sa ilang mga kabataan na gumagamit ng Social Networking Sites na nakatira Pampanga.

IV. Panimula

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000822667094 from CourseHero.com on 04-28-2021 05:58:25 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/29695320/konseptong-papeldocx/

Isa sa mga maaaring mapuntahan o magamit ng mga kompyuter na konektado sa internet ay ang mga Social Networking Sites katulad ng Facebook, Twitter, Tumblr, MySpace,Friendster at marami pang iba na kung saan ay maaaring makakonekta o magkaroon ng komunikasyon sa ibang tao at makakuha ng impormasyon .Madaming pakinabang ang mga tao dito sapagkat nakakapaglabas sila ng kanilang mga saloobin,karanasan at mga ideya sa mga nasabing site na ito sapagkat maaari kang magpost ng kahit anong naisin mo. Maaari ka ding maglagay ng mga litrato at video dito.Ngunit may mga taong ginagamit ito upang makapanakit at makapanira ng ibang tao.Ginagamit nila ito sa maling paraan.

Ang pananaliksik na ito ay sinasakop ang mga tao na nakatira sa Lumban,Laguna na gumagamit ng Social Networking Sites.

V. Pagtalakay

Ang kompyuter ay isang makina na ginawa para mapabilis ang mga gawain tulad ng pagbibilang o pagkokompyut. Ito ay tumatanggap , nagproproseso at nagbibigay o naglalabas ng datos.At sa kasalukuyan marami nang mas nagagawa ang kumpyuter at malaki ang tulong nito sa ating pang-araw araw na pamumuhay. Ang kompyuter ay ginagamit din para tayo ay makapag Internet.

Ang Internet ay ang mga magkakabit na mga computer network na maaaring gamitin ng publiko sa buong mundo. Naipapadala ang mga datos sa pamamagitan ng packet switching na gamit ang inayunang pamantayan na Internet Protocol (IP). Binubuo ito ng milyon-milyong pampribado, pampubliko, pampaaralan at pang-gobyernong mga network na may lokal hanggang

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000822667094 from CourseHero.com on 04-28-2021 05:58:25 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/29695320/konseptong-papeldocx/

malawakang saklaw at pinagka-kaugnay. Dinadala nito ang mga iba't ibang impormasyon at serbisyo, katulad ng electronic mail, online chat, at magka-kaugnay na mga pahina ng web ng World Wide Web.

VI. Lagom

Ang papel na ito ay naglalarawan sa kaugalian ng mga tao partikular ng mga kabataan tungkol sa social networking. Batay sa nagawa naming interpretasyon ng mga datos aming nalaman na karamihan sa mga natanong sa ay tumatangkilik sa mga social networking sites. Marami ang naidudulot na maganda ng mga social networking sites na ito sa kanilang pakikipaghalubilo sa mundong virtual. Bagama’t alam ng mga kabataan ngayon ang maaring maidulot sa kanila ng pakikipaghalubilo sa iba’t ibang uri ng tao, ipinagpapatuloy pa rin nila ang pagiging aktibo sa mga social networking sites na ito sa kadahilanang nakikita nila at napipapakita nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng mga ito. Itinuturing ng mga kabataan ngayon ang social networking bilang isang “social trend” na humahatak sa bawat tao na gumawa ng kani-kanilang sariling account. Marami ring masamang naidudulot ang pagkakaroon ng account sa mga social networking sites sapagkat nawawala ang seguridad ng mga estudyante at maari silang masangkot o mabiktima sa mga di kanais-nais na tao na mayroon ding account sa social networking sites. Sa lahat ng mga nasabi, mayroon ngang maganda at masamang epekto ang pagkakaroon ng accounts sa mga social networking sites ngunit sa aming mga nakalap na impormasyon, mas nakikita ng mga estudyante ang mabuting epekto nito sa kanila at sa kanilang mga kaibigan, kapamilya at iba pa. Lahat ng aming ebidensya ay nagtutugma upang ipakita na ang social networking sites ay mahalaga nga sa mga kabataan ngayon at ang mga benepisyo nito sa kanila ay kanila namang nararamdman.

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000822667094 from CourseHero.com on 04-28-2021 05:58:25 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/29695320/konseptong-papeldocx/

VII. Konklusyon

Sa pagwawakas ng aming pananaliksik tungkol sa Social Networking, nais naming ilahad ulit ang mga pag-aaral mula sa mga nakalap naming mga datos. Ang Facebook ay ang siyang pinakapopular na Social Networking Site sa Pilipinas na pinaka matunog na pinupuntahan ng mga kabataan sa lahat ng social networking sites. Susunod, malaking bahagi ng kanilang oras oras inilalaan ng mga kabataan sa pagpunta sa mga Sites na ito. Ibig sabihin nito ay inilalaan nila halos lahat ng oras nila dito na bumabawas sa oras na dapat nilang ilaan sa mga mas mahahalagang bagay pa sa kanila gaya na lamang ng pag-aaral at pakikihalubilo sa pamilya at mga kaibigan nila.

VIII. Rekomendasyon

Imunumungkahi ng manunulat na higit na mapaghusay sana ang kontrol ng mga kabataan sa kanilang pagkahumaling sa mga Social Networking Sites na ito sa kadahilanang nakakasagabal na ito sa mga mas importanteng bagay na dapat pagtuunan nila ng pansin tulad ng pag aaral ng mga leksyon nila o ang pagbuo ng mga ugnayan sa kanilang pamilya. Madami ang mabuting naidudulot ng mga ito pero mas mainam kung may moderasyon ang paggamit ng mga ito at may patnubay at resonable ang paggamit nito lalo na sa mga kabataan.

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000822667094 from CourseHero.com on 04-28-2021 05:58:25 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/29695320/konseptong-papeldocx/